# You know what to "Doo"

## para sa Malinis na Paa, Malinis na Bakuran at Malinis na Tubig.



**Mahigit sa 70% ng mga may-ari ng aso sa mga rural na bahagi ng Lalawigan ng San Diego ang gumagawa ng tama sa pamamagitan ng pagdakot ng dumi nang hindi dadalang sa isang beses sa isang linggo at paglalagay nito sa basurahan.**

**Ang responsableng pamamahala ng dumi ng hayop ay nagpapanatili ng malinis na mga bakuran (at paa), at nangangalaga din sa kalidad ng mga sapa, lawa at dagat ng ating rehiyon.**

Para sa karagdagang impormasyon o para magreport ng polusyon, tumawag sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater

Ang mga datos ay nakuha mula sa isang survey noong 2011 sa mga may-ari ng aso na nakatira sa mga rural na lugar ng Lalawigan ng San Diego na hindi inkorporado.

PEBRERO 2022



# Karamihan sa mga May-ari ng Aso sa Lalawigan ng San Diego ay Gumagawa ng Tama Tungkol sa Dumi ng Hayop sa Kanilang Propyedad:

1. Dakutin ito (nang hindi dadalang sa isang beses sa isang linggo),
2. Ilagay sa bag, at
3. Ilagay sa basurahan.

## Paano ko Pamamahalaan ang Dumi ng Aso sa Malaking Propyedad ko? Hindi ko Mahanap Lahat!

Huwag mag-alala, maaari mo pa ding gawin ang parte mo! Pulutin ang dumi ng aso sa mga lugar na malamang na makadagdag sa polusyon. Ang "Poo Points" sa mga malaking propyedad ay kinabibilangan ng:

**Poo Point #1 –** Mga lugar na malapit sa mga yamang-tubig tulad ng sapa, batis, lawa, atbp.
**Poo Point #2 –** Mga dalisdis (slope), bangin, at mga esterong kanal.
**Poo Point #3 –** Mga lugar na naaabot ng pag-agos mula sa ulan o irigasyon.

## Malinis na Paa - Malinis na Bakuran - Malinis na Tubig

Bukod sa panganib na **pamugaran ng langaw** o **matapakan** ang tambak na dumi ng hayop, ito din ay maaaring magdulot ng **kontaminasyon ng mga lokal na daanan ng tubig** kapag pinabayaan lang ang mga ito sa bakuran o iba pang bukas na lugar.

Kapag nalagyan ang anumang yamang-tubig ng dumi ng aso, magkakaroon ng bakterya, parasite at virus ang umaagos na tubig. Ang kontaminadong agos ng tubig ay direktang dadaloy sa mga lokal na sapa, lawa at dagat kung saan maaari itong magdulot ng sakit sa mga tao.

## Pagtatapon ng Dumi ng Hayop sa mga Rural na Lugar

**Ilagay sa bag at itapos sa basurahan?**
Oo! Ito ang pinakasimple at ligtas na paraan.

**Ibaon ito?** Oo, pero dapat maingat! Ibaon nang malalim, madalas na ibahin ang lugar ng butas, at panatilihin itong malayo sa mga hardin ng gulay, daanan ng tubig at mga wellhead.

**Ikompost ito?** Huwag! Karamihan sa mga kompost sa bakuran ay hindi umiinit nang sapat para patayin ang mga organismong nagdudulot ng sakit.

**Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego**

Para sa karagdagang impormasyon o para magreport ng polusyon, tumawag sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater

PEBRERO 2022

# You know what to "Doo"

## para sa Malinis na Paa, Malinis na Bakuran at Malinis na Tubig.



**Mahigit sa 70% ng mga may-ari ng aso sa mga rural na bahagi ng Lalawigan ng San Diego ang gumagawa ng tama sa pamamagitan ng pagdakot ng dumi nang hindi dadalang sa isang beses sa isang linggo at paglalagay nito sa basurahan.**

**Ang responsableng pamamahala ng dumi ng hayop ay nagpapanatili ng malinis na mga bakuran (at paa), at nangangalaga din sa kalidad ng mga sapa, lawa at dagat ng ating rehiyon.**

Para sa karagdagang impormasyon o para magreport ng polusyon, tumawag sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater

Ang mga datos ay nakuha mula sa isang survey noong 2011 sa mga may-ari ng aso na nakatira sa mga rural na lugar ng Lalawigan ng San Diego na hindi inkorporado.

PEBRERO 2022